**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-WALUMPU'T ANIM (86) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG MARSO 8, 2021, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Cipriano A. Susa, Jr., | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Judy Rev V. Verzosa, | Konsehal. |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Claro A. Marasigan, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPSK/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal. |

**RESOLUTION NO. 034-2021**

**ISANG RESOLUSYONG NAGBIBIGAY NG PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, ENGR. CRISTINA E. BOSQUE NA LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG LOKAL NA PAMAHALAAN NG POLILLO, QUEZON AT NG MGA MANGINGISDANG NASA LAYLAYAN AT NANINIRAHAN SA BAYAN NG POLILLO, QUEZON, MAY KAUGNAYAN SA PAGKAKALOOB NG SAMPUNG (10) UNIT NA 12HP DIESEL MOTOR ENGINE**

**SAPAGKAT**, itinukoy sa Committee on Agriculture para sa kaukulan nitong pag-aaral at pagbibigay ng Rekomendasyon ang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Lokal na Pamahalaan ng Polillo, Quezon at ng mga Mangingisdang nasa laylayan at naninirahan sa Bayan ng Polillo, Quezon, may kaugnayan sa pagkakaloob ng sampung (10) unit na 12HP Diesel Motor Engine;

**SAPAGKAT**, ang Rekomendasyon ng Committee on Agriculture sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay aprobahan, at ang Chairman ng Komite ay magpapasok ng kaukulang Resolusyon sa Regular na Pulong ng Sangguniang Bayan para sa kaukulang pagpapatibay at pagbibigay ng Authoriy sa Punong Bayan na lumagda sa MOA sa pagitan ng LGU at marginalized Fisherfolks para sa distribution ng sampung (10) unit na 12HP Diesel Motor Engine;

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**KUNG KAYA AT**, sa mungkahi mula sa Committee on Agriculture sa pangunguna ng Chairman, Kon. Cipriano A. Susa, Jr., ay:

**PASIYAHAN**, tulad ng dito ay ipinasisiya at pinagtitibay, ang pagbibigay ng pahintulot sa Punong Bayan, Engr. Cristina E. Bosque na lumagda sa Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Lokal na Pamahalaan ng Polillo, Quezon at ng mga mangingisdang nasa laylayan at naninirahan sa Bayan ng Polillo, Quezon, may kaugnayan sa pagkakaloob ng sampung (10) unit na 12HP Diesel Motor Engine.

**PASIYAHAN PA**, na padalhan ng Resolusyong ito ang Tanggapan ng Pambayang Agrikultor, Tanggapan ng Punong Bayan at ang mga kinauukulang Tanggapan para sa kanilang tala at kaalaman sa bagay na ito.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Marso 8, 2021

x--------------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Resolusyon Blg. 034-2021** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

*Sinipi noong:*
***Marso 15, 2021***